REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-035**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA SINEHAN SA LUNGSOD NG MUNTNLUPA NA IPALABAS ANG DOCUMENTARY FILM "MARTSA NG MUNTINLUPA" KASUNOD NG PAGPAPALABAS/PAGPAPATUGTOG NG PAMBANSANG AWIT NG PILIPINAS, AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni: **Kon. LUCIO B. CONSTANTINO**

Kasamang Nagpanukala:
**Pang. Punonglungsod Vicente Y. Chua**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Aldrin L. San Pedro**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Muntinlupa ay ***isang maunlad na pamayanan*** na may humigit-kumulang na Limandaang Libong (500,000) residente na ang nakahihigit ay mula sa iba't ibang dako ng bansa ***na pumili sa Lungsod ng Muntinlupa bilang pangalawang Bayan/Lungsod*** dahil naririto ang kanilang pagkakataon upang makapamuhay ng marangal;

**SAPAGKAT,** sa dami ng magkakaibang kaugalian, wika, tradisyon at pananaw sa buhay na taglay ng mga taga-Muntinlupa sa kabuuan, ***kinakailangang maikintal sa puso't damdamin ng lahat ang diwa ng pagkakaisa*** sulong sa pag-unlad ng bagong siglo;

**SAPAGKAT,** sa layuning maikintal sa puso't damdamin ang pambansang pagkakaisa, tayo ay ***pinamanahan ng isang pambansang watawat*** na minsan ay naging simbolo ng pakikibaka tungo sa kalayaan; ***isang wika*** upang lahat ay magkasundo at magkaintindihan; at ***isang pambansang awit*** upang lalong umusbong ang ipinunlang pagmamahal sa lupang tinubuan;

**SAPAGKAT,** kapag sinalat ang ating puso ay ***naroroon din ang pagmamahal sa ating sariling Lungsod,*** ang Lungsod ng Muntinlupa, na kailangan ding linangin upang sa di mabilang na pagkakaiba ay masumpungan ang isang tunay at maipagkakapuring pagkakaisa na lalong napayayabong ***habang inaawit ng sabay-sabay ang*** **"MARTSA NG MUNTINLUPA";**

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magpasa ng mga kautusan at mga kapasiyahan at maglaan ng pondo ***para sa pangkalahatang kabutihan ng lungsod at ng mga mamamayan*** alinsunod sa Art. 99, ng "Rules and Regulations Implementing the Local Government Code of 1991;"

**NGAYON, DAHIL DITO, AT PARA SA PANGKALAHATANG KABUTIHAN,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang sumusunod:

*SEKSIYON 1.* **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Ang *SINEHAN* kapag binanggit sa Kautusang ito ay tumutukoy sa mga ***Cinema, theaters at katulad na mga establisimyento*** na may pahintulot na magpalabas ng mga pelikulang Pilipino at pelikulang dayuhan at naniningil ng "entrance o admission fees" sa mga taong nais manood nito;

*SEKSIYON 2.* Lahat ng sinehan na nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa ***ay inaatasang ipalabas nang libre***, kasunod ng pagpapalabas/pagpapatugtog ng Pambansang Awit, ***ang "Martsa ng Muntinlupa"*** sa kanyang anyong "documentary film" tuwing ***"first showing" at "last full show"***;

*SEKSIYON 3.* Sa tulong ng isang "voice over announcement", ***dapat tumayo at manatiling nakatayo ang mga tao sa loob ng sinehan*** habang ipinalalabas ang "Martsa ng Muntinlupa" ***bilang pagbibigay-galang*** sa ating simbolong awit ng Muntinlupa.

*SEKSIYON 4.* Isang komite na kinabibilangan ng mga sumusunod ang bubuuin ***upang mangasiwa at magbalangkas ng isang "documentary film"*** para sa Lungsod ng Muntinlupa na ikukombinasyon sa "Martsa ng Muntinlupa":

| | | |
|---|---|---|
| a) | Punonglungsod | - Chairman |
| b) | Pangalawang Punonglungsod | - Vice Chairman |
| c) | Tagapangulo, Komite ng Pampublikong Kabatiran | - Kasapi |
| d) | Tagapangulo, Komite ng Palaro, Paligsahan at Kasiyahan | - Kasapi |
| e) | Tagapangulo, Komite ng Turismo at Kultura | - Kasapi |
| f) | Tagapangulo, Komite ng Apropraşyon | - Kasapi |
| g) | Pinuno, Tanggapan ng Pampublikong Kabatiran | - Kasapi |
| h) | Pinuno ng Turismo, Lungsod ng Muntinlupa | - Kasapi |
| i) | G. Renato "Atong Balatong" Dilig | - Consultant |

***SEKSIYON 5.*** Sa paglikha ng "Martsa ng Muntinlupa – Documentary film" para sa Lungsod, kinakailangan ang pagkuha ng isang magaling na "film outfit" na subok ang kakayahan sa paggawa ng pelikula. Ang sumusunod na mga panuntunan ay dapat sundin:

a) Ang "lyrics" ng Martsa ng Muntinlupa ay dapat ipakita sa pelikula kasabay ng bahaging inaawit (videoke style)
b) Ang "background" ay dapat ipakita ang mga makasaysayan at magagandang pook sa Lungsod.
c) May eksenang ipinakikita para sa lahat ng mga kasalukuyang umuugit ng Pamahalaang Lungsod, kasama ang mga kawani, habang umaawit ng Martsa ng Muntinlupa na kukunan sa isang itatakdang araw ng Lunes sa hinaharap, araw ng pagtataas ng bandila.
d) Kasabay ng pag-awit ng Martsa ng Muntinlupa ay kailangang ipakita ang pagtataas ng ating watawat na puti na simbolo ng lakas, talino at buhay ng mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa.
e) Ang haba ng Martsa ng Muntinlupa, na kumbinasyong pelikulang pangdokumentaryo, ay dapat hindi bababa sa tatlo at kalahating (3 1/2) minuto.

***SEKSIYON 6.*** Ang pondong ilalaan sa proyektong ito ay ***Limandaang Libong Piso (P500,000.00)*** na ***kukunin sa pondo ng Human and Ecological Security*** ng Development Fund ng Lungsod ***para sa taong 1999.***

***SEKSIYON 7.*** **SUGNAY NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT.** Kung sa anumang kadahilanan ay kinapos o walang makukuhang pondo sa kabang-yaman ng Lungsod upang magamit sa proyektong ito, ***pinahinhintultuan ng Kautusang ito ang Komite na mangalap o manghingi ng donasyon*** mula sa pribadong sektor o "sponsor" upang makakuha ng pondong sapat para sa proyekto.

***SEKSIYON 8.*** Ang mga sinehan na lalabag sa Kautusang ito ay papatawan ng parusa ayon sa sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | ***Dalawang Libong Pisong (P2,000.00) multa*** |
| Ikalawang Paglabag | - | ***Tatlong Libong Piso (P3,000.00) multa*** |
| Ikatlong Paglabag | - | ***Pagsasara ng Sinehan*** |

***SEKSIYON 9.*** **SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Lahat ng kapasiyahan, kautusan, patakaran at mga alituntunin, bahagi o mga bahagi nito na taliwas sa itinatadhana ng Kautusang ito ay ***pinapawalang bisa.***

***SEKSIYON 10.*** Kung sa anumang kadahilanan ang isang bahagi o mga bahagi nito ay mapapatunayan sa hukuman na hindi naaayon sa mga umiiral na Batas, ***ang mga bahaging hindi apektado ay mananatiling umiiral***.

***SEKSIYON 11.*** **SUGNAY NA NAGBIBIGAY BISA**. Ang Kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos na makagawa ng "Martsa ng Muntinlupa" na ***papasa sa pamantayan ng Komite at Movie and Television Review and Classification Board*** (MTCRB) at ito ay ***mailathala sa isang pahayagan na may lokal na sirkulasyon.***

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **21 ng Hulyo 1999** sa ginanap na ika-**47** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

*Mggl.* **RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

*Mggl.* **JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

*Mggl.* **PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa:_____

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 / 842-23-77
Fax No. 8426196